# Paano Papalitan ang Pangalan ng Iyong Anak

May **dalawang** pangunahing paraan upang palitan ang pangalan ng isang anak.

① **Sagutin at iharap ang mga pormas na ito ng korte upang humingi sa korte ng pagpapalit ng pangalan:**

– Pormas NC-100, *Petition for Change of Name*

– Pormas NC-110, *Attachment to Petition to Change Name*

– Pormas NC-120, *Order to Show Cause for Change of Name*

Maaari mong sagutin ang mga pormas sa pamamagitan ng online sa: *www.courtinfo.ca.gov/selfhelp/other/namechange.htm*

Pagkatapos, pumunta sa pagdinig sa korte at humingi sa huwes ng utos ng korte na nagsasaad ng bagong pangalan ng anak.

***Tala:*** Kung isang magulang lamang ang sumagot ng pormas, kailangan mo ring pagsabihan ang ibang magulang. (Tingnan sa ibaba.)

② **Hingin na palitan ang pangalan ng anak habang o pagkatapos ng kaso ng batas pampamilya.**

Kung ikaw ay nasasangkot sa kaso ng batas pampamilya, katulad ng pagka-ama o pag-ampon, maaaring palitan ng korte ang pangalan ng bata bilang bahagi ng kasong iyan.

Ang Family Law Self-Help Center ay maaaring makatulong sa iyo na sumagot sa iyong mga pormas. Pumunta sa: **400 McAllister Street, Silid 009**

## Kailangan ko bang sabihin sa ibang magulang ang tungkol sa pagpapalit ng pangalan?

Oo. Ang kapuwa magulang ay may karapatan na malaman ang tungkol sa kahilingan na palitan ang pangalan ng kanilang anak. **Dapat** mong ipaalam sa ibang magulang, kahit ikaw ang may solong pag-aalaga sa iyong anak.

## Paano ko ipaalam sa ibang magulang ang tungkol sa pagpapalit ng pangalan?

**Ikaw ay dapat magbigay ng "notisya" sa ibang magulang.** May mga tiyak na hakbang na kailangan mong sundin. Humiling sa abogado o sa ACCESS na tulungan ka sa bagay na ito.

Ikaw ay dapat ding **maglagay ng notisya ng pagdinig sa peryodiko** ng 4 na linggong sunod-sunod, isang araw kada linggo.

## Paano kung hindi ko alam kung nasaan (o kung sino) ang ibang magulang?

Kontakin ang ACCESS para sa impormasyon at tulong.

## Paano ang mangyayari kung ang mga magulang ay hindi magkasundo?

Pakikinggan ng korte ang kapuwa magulang at mag-desisyun kung ano ang pinakamabuti sa bata.

Isasangalang-alang ng korte ang mga sumusunod:

- Gaano na katagal ginagamit ng anak ang kanyang kasalukuyang pangalan
- Paano maaapektuhan ng pagpalit ng pangalan ang kaugnayan ng anak sa kapuwa magulang
- Gaano katatag ang kaugnayan ng mga magulang sa anak
- Ang apelyido (mga apelyido) ng mga kapatid ng anak, kung mayroon
- Ano ang gusto ng anak (para sa nakatatandang anak), at
- Lahat na isinasangalang-alang ng korte na mahalaga.

## Sasang-ayon ba ang Korte sa pagpapalit ng pangalan?

Ang korte ay kadalasang sumasang-ayon kung ang pagpapalit ng pangalan ay ang pinakamabuti para sa anak, *at:*

- Kapuwa magulang ay humiling sa pagpalit ng pangalan, o
- Isang magulang ang humihiling, at nasabihan ang ibang magulang tungkol sa pagpapalit ng pangalan at hindi tumutol, o
- Pinabayaan na ng isang magulang ang anak.

## Kailangan ng tulong?

Pumunta sa ACCESS Center para sa mga pormas at instruksiyon na iyong kailangan.

Ang aming iskedyul ay:

**Lunes – Huwebes:** 8:30 ng umaga – 12 ng tanghali
1:30 ng hapon – 4:00 ng hapon
**Biyernes:** 8:30 ng umaga – 12 ng tanghali

ACCESS

**San Francisco Superior Court**
575 Polk Street
Room 001
San Francisco, CA
94102-4514

**415.551.5880**
access@sftc.org

© 2006 San Francisco Superior Court – Tagalog
Funding from Foundation of the State Bar of California